

PAGLALARAWAN NI REBECCA SORGE



PANANAMPALATAYA, PAG-ASA, AT BIYAYA, BAHAGI 2

# Nasagot na Panalangin

**Ni Megan Armknecht**

Batay sa tunay na buhay

*Si Grace ay 11-taong-gulang na batang nakatira sa Holland noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Hinuli at ibinilanggo ang tatay niya noong panahon ng digmaan.*

Nang hulihin si Itay, inalagaan ni Inay si Grace, ang dalawang kapatid niyang lalaki, at dalawa sa kanilang mga pinsan. Maraming pakakainin at hindi sapat ang pagkain para sa lahat. Kakaunti lang ang harina, gulay, at patatas ng kanilang pamilya.

Isang araw tumunog ang doorbell. Sinundan ni Grace si Inay para tingnan kung sino ito. Nang buksan ni Inay ang pinto, naroo't nakatayo sa may pintuan ang isang binatang opisyal na Nazi. Bumilis ang tibok ng puso ni Grace, at nagpigil siya ng hininga. Ano ang gusto niya?

"Ilan ang nakatira sa bahay na ito?" magaspang niyang tanong.

"Ako, ang tatlong anak ko, at dalawang pamangking lalaki," sabi ni Inay.

"Wala ang asawa mo rito?" tanong ng opisyal.

"Wala po," sagot ni Inay. "Hinuli nila siya."

Tumingin ang opisyal sa buong paligid ng bahay. "May radyo kayo? Ayaw naming makinig kayo sa mga programa ng mga kaaway natin sa England at Amerika.

Kinuha ni Inay ang radyo at ibinigay iyon sa opisyal.

"Malaki ang bahay na ito," sabi nito, habang muling iginagala ang tingin sa paligid. "Napakalaki para sa ilang taong nakatira dito. Kakailanganin ninyong umalis bukas. Kami na ang tatao sa bahay na ito." Bigla itong tumalikod at umalis.

Hindi makapaniwala si Grace sa narinig niya. Nakita niya ang pagkabigla sa mga mata ni Inay. Pagkatapos ay isinara ni Inay ang pinto at dumiretso sa likod ng bahay.



Dahan-dahang sumunod si Grace, na mabilis ang tibok ng puso. Talaga kayang babalik ang sundalo at kukunin ang bahay nila, gaya ng pagkuha nito sa radyo? Ano ang gagawin nila? Saan sila pupunta? Paano malalaman ni Itay kung saan sila hahanapin?

Tumigil si Grace sa labas ng pinto ni Nanay at sumilip sa loob. Nakaluhod si Inay at nagdarasal. Tahimik na bumalik si Grace sa sala hanggang sa bumalik si Inay.

"Inay, ano ang gagawin natin?" tanong ni Grace.

Bumuntong-hininga si Nanay. "Ang magagawa lang natin ay magdasal at magtiwala sa Panginoon na poprotektahan Niya tayo."

Hindi na bumalik ang binatang Nazi kinabukasan o nang sumunod pang araw. Hindi na siya bumalik! Nanatili si Grace at ang kanyang pamilya sa bahay nila.

Alam ni Grace na tinutulungan ng Diyos ang pamilya niya. Kahit hindi pa tapos ang digmaan, patuloy pa Niya silang binabantayan.

Itutuloy . . . ■

*Ang awtor ay naninirahan sa New Jersey, USA.*